HEALTH ACTION INFORMATION NETWORK
RESOURCE CENTER

PUBLISHED BY

HEALTH ACTION INFORMATION NETWORK
49 SCOUT MADRIÑAN ST., DILIMAN
QUEZON CITY 3008, PHILIPPINES
ISBN 971-8508-01-5

R 732

Tan, Michael Lim.

# MGA TANONG AT SAGOT TUNGKOL SA AIDS

## PAMBUNGAD

Mahirap isipin ang magkaroon ng isang sakit na walang lunas lalo na kung ito ay nakakahawa at kakaunti pa lamang ang nalalaman tungkol dito. Halimbawa ay ang sakit na AIDS.

Sa Amerika at Europa, karamihan sa mga may AIDS ay mga bakla. Ngunit kahit sino ay maaaring magkaroon nito: babae man o lalake, bata o matanda, o ano mang lahi.

Ang booklet na ito ay tungkol sa AIDS. Ipinapaliwanag dito ang ilang bagay kaugnay ng AIDS gaya ng sintomas, paano nagkakaroon, sino ang nagkakaroon at kung paano maiiwasan.

Ang pagkakaroon ng kaalaman ukol sa sakit na AIDS ay malaking tulong kaninuman, sa pansarili mang dahilan o para sa aktwal na pag-iwas ng paglaganap nito.

RC
601
A26
T35

# *ANO ANG AIDS?*

May natural na panlaban o depensa sa sakit ang katawan ng tao. Ito ang sistemang ginagamit ng katawan upang mapigil ang pagkakasakit o ang paglala nito.

Gayunpaman, may mga pagkakataong ang sistemang pandepensa ng katawan ay humihina at hindi makaganap ng gawain. Dahil dito, madaling dapuan ng sakit ang tao.

Ang AIDS ay isang halimbawa nito. Mahina ang kalagayan ng sistemang pandepensa ng katawan. Bunga nito, ang mga sakit na karaniwang madaling mapaglabanan ng katawan ay malamang na maging malala, matindi o maging dahilan pa ng pagkamatay.

Sa ngayon, wala pang matagpuang lunas sa AIDS.

Ang AIDS ay kumakatawan sa Acquired Immune Deficiency Syndrome.

| | | |
|---|---|---|
| Acquired | — | dahil ang sakit ay hindi namamana (non-hereditary) kundi nasasagap mula sa ibang tao o bagay |
| Immune Deficiency | — | ito ang paghina ng natural na sistema ng panlaban ng katawan sa sakit |
| Syndrome | — | ang partikular na paraan ng pagkasagap ng mga sakit dahil sa paghina ng sistemang panlaban sa sakit |

Marami sa mga may AIDS ang nagkakaroon ng kakaibang uri ng kanser. Mayroon ding nagkakaroon ng malubhang impeksyon sa baga, sa sistemang pantunaw, sa central nervous system at sa balat.